# Panatilihin na malusog ang ating mga anak at walang sakit na kumakalat sa mga paaralan.



## Gabay ng Pagbabakuna sa Paaralan

Upang ang inyong mga anak ay makapag-aral sa Ontario, kailangan na may bakuna sila laban sa mga sumusunod na nakahahawang sakit:

- ☑ Meningococcal disease
- ☑ Pertussis (whooping cough)
- ☑ Varicella (chickenpox)
  *(Para sa mga bata na ipinanganak noong 2010 at mga sumunod na taon)*
- ☑ Diphtheria
- ☑ Tetanus
- ☑ Polio
- ☑ Measles
- ☑ Mumps
- ☑ Rubella

Sa ilan pang mga bakuna na itinatagubilin, bumisita sa Talaan ng mga Bakuna sa Ontario sa **ontario.ca/vaccines**.

# Lahat ay may pananagutan sa pagkalinga sa bawat isa.

Sa pagpapabakuna ng inyong mga anak, pinangangalagaan ninyo sila sa mga mapanganib na sakit gayon din ang mga bata sa paligid nila.

## Sundin ang Gabay ng Pagbabakuna sa Ontario

Bilang magulang, ang kaligtasan at kalusugan ng inyong mga anak ay una sa iyong pag-aalala. Lahat na bata na nag-aaral sa pagitan ng gulang na 4 hanggang 17 ay kailangan na bakunahan ayon sa Gabay ng Pagbabakuna sa Ontario. Ang pagbabakuna ay pinangangalagaan ang bata laban sa malulubhang sakit na mabilis na kumalat sa mga paaralan.

Sa ilalim ng *Immunization of School Pupils Act*, ang mga bata ay kailangan na may katunayan ng mga bakuna laban sa diphtheria, tetanus, polio, measles, mumps, rubella, meningococcal disease, whooping cough, at -- sa mga bata na ipinanganak noong 2010 at mga sumunod na taon -- chickenpox, upang makapag-aral. Ang mga bata na hindi kumpleto ang bakuna ay maaari na hindi tanggapin sa paaralan maliban kung sila ay may pagkalibre na may bisa.

## Ano ang kailangan na gawin mo

Makipag-alaman sa nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo o kaya ay sa pangpublikong sangay ng kalusugan upang masiguro na ang iyong anak ay kumpleto ang mga bakuna upang tanggapin sa paaralan. Kung ang bakuna ng iyong anak ay alinsunod sa lahat na tagubilin, wala nang karagdagang bakuna ang kakailanganin.

Alam mo ba na responsibilidad mo na ibigay ang ulat ng tala sa mga bakuna ng anak mo sa pangpublikong sangay ng kalusugan? Ang nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo ay hindi nag-uulat ng tala na ito para sa iyo. Upang matagpuan ang lokal na pangpublikong sangay ng kalusugan o sa karagdagang impormasyon sa mga bakuna, bumisita sa **ontario.ca/vaccines**.

Ontario

# Sa higit na 200 taon, ang mga bakuna ay nagliligtas ng buhay sa buong mundo!

## Kunin ang mga bakuna at pangalagaan ang pamilya laban sa mga sumusunod na sakit.

**PERTUSSIS** (whooping cough)
Ang mahalak na ubo ay nakahahawa at nagdudulot ng matagal na ubo sa mga bata at matatanda. Ang mahalak na ubo ay maaaring malubha sa mga sanggol. Ang ubo na ito ay maaaring maging sanhi ng pagsuka o panandaliang pagtigil ng paghinga. Maaari rin na maging sanhi ito ng pneumonia, pinsala sa utak o atake sa mga sanggol.

**VARICELLA** (chickenpox)
Ang Varicella o Bulutong ay nakakahawang sakit na nagdudulot ng higit na pagkapagod, banayad na sakit ng ulo, lagnat hanggang 39 ˚C, panginginig at sakit ng mga kalamnan at kasukasuan isa o dalawang araw bago lumabas ang namumula at makati na tila-paltos na mga pantal. Ang mga komplikasyon na dulot ng Bulutong ay malubha, kasama na ang impeksiyon ng kagaw sa balat, impeksiyon sa taynga at pneumonia.

**MENINGOCOCCAL DISEASE**
Ang impeksiyon ng Meningococcal ay makapagdudulot ng malubhang mga sakit, kasama na ang meningitis. Ang Meningitis ay malubhang impeksiyon na nakukuha sa mga tao na kung titingnan mo ay malusog ngunit "tagapagdala" pala ng impeksiyon o kaya ay pagkakadiit sa isa na may sakit na ito. Ang impeksiyon ng meningococcal ay maaaring maging sanhi rin ng pagkalason ng dugo at impeksiyon ng utak at gulugod.

**TETANUS**
Ang tetano o paninigas ng panga ay malubhang sakit na maaaring mangyari kung ang mikrobyo na tetano ay pumasok sa sugat. Maaari na magdulot ito ng pamumulikat ng mga kalamnan at mapanganib na kumbulsyon o pangingisay.

**DIPHTHERIA**
Ito ay mapanganib na sakit sa ilong, lalamunan at balat. Nagiging sanhi ito ng makati na lalamunan, lagnat at panginginig. Ang mga maaaring komplikasyon ay hirap sa paghinga, pagpalya ng puso at pinsala sa ugat.

**POLIO**
Ang Polio ay malubhang karamdaman na makukuha ng tao sa pag-inom ng tubig o pagkain na may mikrobyo na polio. Nakahahawa ito na maaaring makuha sa tao na mayroon nito. Ang polio ay maaaring maging sanhi ng pinsala sa utak, pagkalumpo habang buhay, o higit pa, kamatayan.

**MUMPS**
Ang Mumps o Biki ay malubhang sakit na sanhi ng mikrobyo at nagtataglay ng lagnat, sakit ng ulo at pamamaga ng pisngi, panga at leeg. Ang mga komplikasyon ay pagkawala ng pandinig at pamamaga ng utak.

**MEASLES**
Ang Measles o Tigdas ay malubhang impeksiyon dala ng mikrobyo. Ito ay nagdadala ng mataas na lagnat, ubo, pamamantal, sipon at pamumula ng mga mata. Ang measles o tigdas ay nagdudulot ng komplikasyon, tulad ng impeksiyon sa taynga at pneumonia.

**RUBELLA**
Ang Rubella ay isang nakahahawang sakit na dulot ng mikrobyo. Ang Rubella ay nagdudulot ng lagnat, pamamantal, sakit ng ulo, sipon at pamumula ng mga mata (conjunctivitis). Maaari na ito ay maging dahilan ng malubhang komplikasyon sa mga nagdadalang-tao at kanilang mga sanggol at sakit sa buto sa matatanda.

## Mahahalagang paalaala:

**Ang mga mag-aaral na hindi kumpleto ang tala ng mga bakuna sa kanilang pangpublikong sangay ng kalusugan ay maaring pahintuin sa pag-aaral hanggang sa maisunod sa panahon ang kanilang mga bakuna.**

**Kung ang inyong anak ay nangangailangan ng pagkalibre sa pagbabakuna, kausapin ang inyong lokal na pampublikong sangay ng kalusugan. Ang mga magulang na nais ng pagkalibre ng kanilang anak mula sa mga pagbabakuna para sa mga dahilang hindi medikal ay kailangang magkumpleto ng isang sesyon ng pag-aaral. Tandaan na ang mga batang hindi saklaw ng pagbabakuna ay nasa mas malaking panganib at maaaring tanggalin mula sa paaralan sa panahon ng biglang pagkalat ng sakit.**

**Tagalog.** Publication No. (301248) ISBN No. 978-1-4868-6730-1. PDF. March 2023. © King's Printer for Ontario, 2023.

Makipag-ugnay sa iyong lokal na sangay ng kalusugan sa pag-uulat ng mga tala tungkol sa bakuna ng iyong anak.

Ontario